# Chapter One

2007

"Bakit kailangang mamatay ng isa para lang mapatunayang true love nga 'yon? Maawa naman kayo sa mga frustrated hopeless romantics. Maraming magiging matandang dalaga sa standard na 'yan!" litanya ni Ellie habang nakabusangot na nakatitig sa TV.

Kasalukuyang nakasalang sa player ang binili nilang pirated DVD na ang laman ay koleksyon ng mga pelikulang Korean.

*A Millionaire's First Love* ang pinapanood niya, at habang nakabusangot ang mukha niya, tila may sariling buhay namang tumutulo mula sa kanyang mga mata ang luha.

Kasalukuyang binabasa ng bidang babae sa screen ang mga sulat mula sa botelya na bigay rito ng bidang lalaki. Isipin daw ng babaeng mga kapsula ng medisina ang mga

sulat na iyon na naglalaman ng lakas upang gumaling ito.

May karamdaman kasi ang babae at sa huli ay mamamatay ito. Ganoon ang mga kinahuhumalingan niyang Korean movies. May karamdaman ang isa sa mga bida at kadalasan ay namamatay ito.

"Eh, di hanapin mo ang writer at saksakin siya!" tugon ni Callie mula sa likuran niya. "Alam mo, Ellie, okay lang namang umiyak. Kasi nga sad, di ba? Pinapanood mo naman."

Paglingon niya ay nasapol siya ng throw pillow na kanina lang ay hawak ng kakambal niya. Gaganti na sana siya nang bigla itong tumili sa pagtunog ng doorbell.

"Oh my! Oh my megalicious! And'yan na si Jooooohn!" Nagpalukso-lukso ito, inayos ang mahabang buhok na nakatali ng ribbonette. Para itong maiihi na kung anong pinaypayan ng dalawang kamay ang mukha. "Ano, sis? Approve na ba ako? Wala ba 'kong muta?"

Umikot-ikot ang kakambal niya. Sumabay sa hangin ang balloon skirt ng purple tube dress nitong suot. Sapin naman nito sa mga paa ang isang pares ng silver heels na may purple fashion diamond studs. Her twin looked like a very lively and pretty ballerina.

Tumunog na ulit ang doorbell.

"Sige na! Baka kalawangin na si John sa labas. Nasa kusina si Mama. Magpaalam ka na muna." Inginuso niya ang kusina bago ibinalik ang tuon sa pinapanood.

Magkaiba sila ng kolehiyong pinapasukan ni Callie.

Bukod sa sinadya nila iyon upang hindi na malito ang mga tao lalo na at identical twins sila, pangunahing dahilan ang pagkakaiba nila ng kurso. Accounting ang kinukuha ni Callie samantalang Fine Arts ang sa kanya. Tuwing free day niya, kumukuha rin siya ng short courses sa Graphic Design.

Hindi talaga alam ni Ellie kung bakit Fine Arts ang kinuha niya. Hindi niya naman ka-level si Juan Luna o si Van Gogh sa pagpipinta. Hindi rin siya magaling sa pag-uukit.

She just really liked to draw.

Masaya siyang nakakaguhit o nakakapag-produce ng disenyo o kahit doodles lang.

Nakapag-produce na siya ng isang komiks na isinumite niya sa isang publishing house ng isang magazine noon. Naaprubahan naman. May dalawa siyang kakilalang writers na batchmates niya na nagawan na niya ng book covers.

Sa ngayon, dahil senior na siya, sumama siya sa isang online group ng mga designers na nag-o-offer ng services online with a fixed rate.

Actually, simple lang talaga ang pangarap ni Ellie sa buhay, at iyon ay ang makapagdisenyo ng cover para sa isang *Hallmark* card. Pangarap din niyang makapagsulat ng isang tula na pang-*Hallmark* card din ang kalidad.

She was a secret poet. But unlike other poets, she doesn't write sad poems.

Lahat ng isinusulat niya ay puro allegorical o parody,

mga patama. And what irritated her the most were sad endings. Oo na, nanonood na siya ng mga Koreanovela, pero hindi dahil gusto niya ang ending.

Gusto lang niya ang mga storylines na pinagkukunan niya ng ideya para sa kanyang mga tula. Nai-spoil lang lahat ng mga iyon ng mga ending na ang gusto lang ay ang i-torture ang mga kawawang puso ng mga fangirls.

"Pakisabi kay John na isoli na niya ang paintbrush ko kung gusto niyang kausapin ko pa siya!" pahabol niya kay Callie nang maramdamang patakbo itong dumaan sa likuran niya.

"Yes, boss!" tili ng kakambal.

Lumingon siya at nakita niya ang pagguyod nito sa ina nila. Bumungisngis ang tabain nilang ina na kagagaling lang sa panghuhugas ng mga pinggan.

Binubuhay sila ng negosyong pastry shop ng mama nila. Nasa tabi iyon ng kolehiyo ni Callie.

Mga bata pa sila nang mamatay ang ama nilang sundalo sa isang engkuwentro at ang ina na nila ang masugid na nagtaguyod sa kanilang magkapatid. Ibinuhos nito ang atensyon at tiyaga sa bawat muffin, macaroon, cake at kung anu-ano pang bine-bake nito sa kusina kasama ang assistant nitong si Mela.

"Oy, Ellie! Hindi mo lang ba sisilipin si John?" puna ng ina nila.

"Susmaryosep, Mama! Araw-araw kong nakikita ang pagmumukha ng John na iyan sa klase! Four years, Ma!

Four years! Kaya hayaan mo na lang na mga mata na lang ni Callie ang magpiyesta sa John na 'yan."

"Sus, ang batang ito!" kamot sa batok ng mama nila. "Hindi ba't *Ball* mo ang pupuntahan nila? Kapag nakita nila si Callie doon, iisipin ng lahat na ikaw 'yun at naka-partner mo 'yung John na iyon."

*Oo nga, ano?* Noon lang nag-sink-in sa kanya ang ideyang maaaring mapagkamalan ng iba na siya ang date ni John. May indibidwal silang pagkakakilanlan ni Callie. Mahaba ang buhok nito samantalang hanggang balikat lang ang sa kanya. Mas maputi rin ito sa kanya ng dalawang paligo. Mas makinis ang balat nito, mas maliit ang pores ng balat, mas manipis ang pinkish lips.

Kumbaga sa manyika, Made in China siya at animo'y sa porselana naman yari si Callie.

Nang minsan niyang i-post sa *Facebook* ang picture nila ng kakambal niya, may bastos na lalaking nagtanong kung sino iyong nasa kaliwa dahil parang clone daw ng nasa kanan kaya lang nagkaaberya raw sa cloning process kaya hindi lumabas nang tama.

Maraming nag-like sa comment na iyon, galing na rin sa mga may sira rin niyang kabarkada. Sa panggigigil ni Ellie, idinelete niya ang *Facebook* account niya.

At isa lang ang salarin kung bakit may *Facebook* phobia na siya. Walang iba kundi ang gunggong na nasa labas ng gate nila ngayon!

"Isa pa, Mama, high school ball nga namin ni Callie,

hindi ko in-attend-an. Ngayon pa kayang wala namang dahilan para pumunta ako? Mabuti pa nga si Callie, estudyante ng ibang college, naimbitahan sa ball. Sa tingin mo ba kaya kong pumunta sa ball kung magiging wallflower lang ako? Ako pa na mismong estudyante ng college na 'yun?"

Natawa ang mama niya. "Asus! 'Yun pala ang dahilan. Naiinggit ka lang sa kakambal mo. O bakit? Hindi ka ba inimbitahan ni Mr. Crush mo?"

"Mama, 'wag mo nga akong interbyuhin sa love life ko! 'Tsaka wala akong crush!" Ngumuso siya.

"Puntahan mo na si Callie sa labas at baka anuhin pa 'yun ni John."

Na hindi na niya kinailangang gawin dahil pumasok na ang kapatid niya at ang kanyang kaklase.

"Ellie!" bulalas ni Callie. "You didn't tell me John owns a *Porsche!*"

Umeksena si John sa eyesight niya. Kumaway ito sa kanya. Mukhang tuwang-tuwa ang loko. She couldn't understand how he could possibly like the twin sister of *his* mortal enemy.

Hindi ba't dahil parang North Korea at South Korea ang turingan nila ni John, dapat makadama rin ito ng kaparehong pagkaasar kay Callie?

Tanong niya lang, kapag tumitingin ba ito kay Callie, hindi ba siya nito naiisip?

And to think na identical twins sila.

Talagang nakaporma ang kaklase niya. Mukhang naka-gel pa ang medyo wavy nitong buhok, maayos ang pagkakaplantsa ng blazer at black pants, at crisp and neat ang polo shirt na suot. Makintab din ang suot nitong sapatos.

"Ellie, hihiramin ko muna itong twin mo. Is that all right?"

"May magagawa pa ba ako?" irap niya.

"Ito naman o! Ang sungit!" komento ni John na nagpahagikgik sa kakambal niya. "Hindi ka ba talaga pupunta sa ball? And'un sina Anette at Jelo, di ba?"

Pinatay na ni Ellie ang pinapanood niya. Paano kasi, tuluyan na siyang na-distract.

"Hindi ako pupunta sa ball. Isoli mo nang maayos ang paintbrush set ko na ninakaw ni Callie at ipinahiram sa 'yo. May tinatapos ako para sa thesis submission ko. Kailangan ko na."

"You really don't wanna see Zayd in a tuxedo?"

"Uh-oh. Is Mr. Crush named Zayd? Is that a name?" pag-e-English-English pa ng ina.

Napatingin ang tatlo sa kanya, hinihintay ang reaksyon niya. Hindi siya kumibo. Sa halip, binanat niya ang mga balikat at naghikab.

"Isa pa, malay mo someone could be waiting for you," ani Callie na tiningnan siya gamit ang mapungay na mga matang nanghihikayat na baguhin niya ang desisyon niya. "Plus, I have the perfect dress for you! Puwede mo 'yung

isuot. Pero kung ayaw mo talaga, sige lang. Go upstairs and read your poems!"

Last minute decision? Last minute preparation?

*No.*

"Alam n'yo, kayong dalawa—" Itinuro niya sina Callie at John, "—just enjoy your night at huwag n'yo na 'kong idamay. John, ibalik mo si Callie nang buo, kung di mauumbag kita, okay? At, Callie?"

Sandali siyang natigilan. "If you're happy with this guy, and you get back home safely tonight, then maybe I'll consider him for you," sinsero niyang pahayag habang tinatapunan ng maamong tingin ang kakambal.

Magkaiba man sila ng ugali at kahit opposite poles pa man sila, alam ni Callie na napakahalaga nito sa kanya. Mahal niya ito.

Sandali ring natigilan ang kapatid. Pinagmasdan siya nito na may gulat sa mga mata. May kung anong kuminang doon. Maging si John ay tila nahiwagaan ding napatingin sa kanya.

Both looked inexplicably upset.

"Which means hindi ka pa approved sa 'kin," pagkaklaro niya ka John na ngumisi sa kanya pero puno pa rin ng kuryosidad ang mga mata.

"Ako rin, Hijo!" sabat ng ina. "Hindi ka pa aprub. Pero dahil guwapo ka…" Kinurot ng ina nila ang pisngi ni John na ikinagulat niya. "Sige na. Iuwi mo nang maayos ang anak ko, ha? Ano nga ulit ang apelido mo?"

"Madrid po," sagot ni John na malawak ang ngiti.

Tinapik ng kanyang ina ang pisngi nito. "Naku, ke-guwapo-guwapo talagang binata nito, eh."

Inihatid nila ang dalawa palabas.

Pinanood niyang humarurot palayo ang *Porsche* ni John matapos niyang kumaway sa kakambal.

Pagdating sa silid niya ay sumalampak si Ellie sa upuan sa harapan ng desk niya. Mataas ang desk, doon nakasalansan ang mga pastels, acrylic paint sets, drawing pads, pens at kung anu-ano pang drawing materials.

Mula sa mga salansan ng drawing pads niya, hinugot niya ang isa. Mas makapal iyon sa mga pads niya kaya kabisado niya iyon sa hawak pa lang. Naglalaman iyon ng koleksyon niya ng mga tulang kanyang isinulat.

Binuklat niya ang mga pahina. Her poems were about life. Happy poems about people and love. Binasa niya ang isa sa mga pahina. *The Happy Ending*, iyon ang titulo ng tulang nakasulat doon.

Siguro kaya hindi pa siya pumapasok sa isang relasyon ay dahil may lihim na takot siya sa maaaring kahinatnan niyon.

She did not hate sad endings, she feared about it happening to her own love story. Baka masaktan siya sa huli. See? Marami siyang ka-ek-ekan sa buhay.

She had this weird and crazy idea about love. Basta! She

couldn't have a sad love story, tapos!

Ang gusto ni Ellie ay kantahan siya ng lalaking nakalaan para sa kanya ng *I Wanna Grow Old With You*, at tulad ng sa pelikulang *The Notebook*, magkasama silang tatanda ng lalaki na kahit nasa home for the aged na sila ay binabasahan pa rin siya nito ng mga piraso ng memoryang naka-preserve sa isang notebook.

*Okay.* Sa tingin niya, tama na iyong mga demands niya sa writer ng buhay niya. May malaking inaalala pa ang Diyos, tulad na lang ng mga nasalanta ng mga nakaraang kalamidad sa Pilipinas!

Binuklat-buklat pa ni Ellie ang mga pahina ng drawing pad na iyon nang biglang may mahulog na isang kapirasong papel na nakasuksok yata sa pinaka-spring ng pad.

Kunot-noo niyang inabot iyon.

*Beneath the silver moon*
*Say you'll meet me soon*
*I want to dance with you, my heart*
*And give you all my love*
*-The Poet*

Tiningnan niya ang likod ng papel. May nakasulat na isang linya.

*At the garden @ 10 p.m., outside the halls of our Ball*

She stared at the paper, blinking.

*The Poet?* Naalala niya ang binitiwang pangungusap ni Callie kanina: *Someone could be waiting for you…*

Nag-replay sa kanya ang eksena may siyam na oras na ang nakakaraan.

Tinulungan niya ang kaibigang si Jelo na miyembro ng Student Council sa pag-aayos ng set-up ng hall. May pinipintahan siyang props at palamuti nang puntahan siya ni Anette para sabihing nakita na raw ang sketch pad niyang ilang araw na niyang hinahanap at may nag-iwan daw niyon sa Student Council office.

Sa totoo lang, nagulat din siya. Wala na kasi sa hinagap niya na maibabalik pa sa kanya ang pad dahil hindi niya iyon nalagyan kahit man lang ng pangalan.

*"Baka naman nakilala ka dahil sa penmanship mo," teorya ni Anette. "Baka kakilala natin o kaklase. Baka nagpapa-mysterious something lang. Iniwan lang daw kasi 'yan…"*

*"Okay, whoever she or he is, salamat nang marami," ngiti niya, nagkibit-balikat na lang.*

Biglang nag-click sa kanya ngayon ang tinuran ni John kanina.

*You really don't want to see Zayd in a tuxedo?*

"No, no…" tawa niya. "Hindi 'to si Zayd. Imposibleng magkainteres sa 'kin ang crush ng campus!"

Ibinalik ni Ellie ang atensyon sa kapirasong papel na hawak. "Who are you?" bulong niya. "Kung hindi ka si

Zayd, which is impossible, sino ka?"

Binuklat-buklat niyang muli ang pad. There wasn't any trace of anything. Walang doodle o kung anumang makapagsasabi sa kanya kung sino ang Mr. Poet na sumisira sa peaceful na niya sanang pagtanggap na hindi siya a-attend sa Senior's Ball.

Baka naman killer ito? O rapist? Baka may stalker pala siya? Pero paano nga kung si Zayd pala? Ang lalaking siyang nakakatanggap lang ng mga lihim na pasulyap-sulyap mula sa kanya. Ang lihim na dahilan kung bakit siya gumawa ng *Facebook* account, at kung bakit in-add niya ang lahat ng mga ka-college niya kahit hindi ka-course dahil alibi lang iyon upang magkalakas-loob siyang i-add ang lalaki at i-stalk ang status at wall nito?

What if she took a chance? Hindi rin kasi niya maikakailang curious talaga siya kung sino ito.

Tumango siya at tumayo. Maglalakad na sana siya nang pigilan siya ng napakalakas na sigaw ng kanyang ina mula sa ibaba.